Employment Standards Branch

FACTSHEET

Ang factsheet na ito ay inihanda para magbigay ng pangkalahatang impormasyon. Hindi ito isang legal na dokumento. Mangyaring tingnan ang Employment Standards Act and Regulation para sa mga layunin ng pagpapakahulugan at pagpapairal ng batas.

July 2016

Mga Trabahador sa Bukid

Paliwanag ng 'Mga T rabahador sa Bukid'

Ang isang trabahador sa bukid ay ipinapaliwanag sa Employment Standards Regulation bilang isang taong nagtratrabaho sa pagpapalakad ng bukid, ranch, orchard o agrikultura at ang mga pangunahing pananagutan sa trabaho ay alinman sa sumusunod:

- Pagpapalaki, pag-alaga, pag-cultivate, pag-propagate, pag-ani, o pagpatay ng produkto ng alinman sa mga pagpapalakad sa itaas.
- Pag-clear, pag-drain, pag-iriga, o pag-cultivate ng lupa.
- Pagpapalakad o paggamit ng makinarya, equipment, o mga materyales sa bukid, para sa mga layunin sa itaas.
- Direct selling ng isang produkto ng alinman sa mga pagpapalakad sa itaas kung ang pagbebenta ay ginagawa sa pagpapalakad at ginagawa lamang sa karaniwang harvest cycle para sa produktong iyon.
- Ang unang paghugas, paglilinis, pag-ayos, grading o packing ng isang hindi binagong produkto na ginawa sa pagpapalakad, o isang katulad na produkto na binili sa ibang pagpapalakad sa karaniwang harvest cycle para sa produktong iyon.

Hindi kasali sa mga trabahador sa bukid ang alinman sa sumusunod:

- Isang taong nagtratrabaho upang magproseso ng mga produkto ng isang pagpapalakad sa bukid, ranch, orchard o agrikultura.
- Isang landscape gardener o taong nagtratrabaho sa retail nursery.
- Isang taong nagtratrabaho sa aquaculture.

Ang mga trabahador sa bukid ay sakop ng karamihang seksyon ng Employment Standards Act and Regulation nang may ilang mga mahalagang eksepsiyon na nakalarawan sa ibabâ.

Minimum na Suweldo

Ang mga trabahador sa bukid na de-kamay na nag-aani ng mga ipinahayag na crops ay maaaring bayaran ng piece rate. Kung pinili ng isang tagapag-empleyo na magbayad ng piece rate, ang mga trabahador sa farm ay dapat bayaran ng kahit minimum piece rate para sa bawat crop tulad ng itinakda sa Regulation. Ang piece rates na ito ay nakalista sa ibabâ.

Kapag ang mga trabahador sa bukid ay binabayaran ng piece rate, dapat magpaskil ang tagapag-empleyo ng mga paunawa na nagpapahayag sa:

- Volume ng picking containers;
- Volume o timbang ng crop na kinakailangan upang punan ang isang lalagyan; at
- Ang piece rate para sa crop.

Ang lahat ng ibang mga trabahador sa bukid, binabayaran man sila bawat oras, nagsusuweldo, o binabayaran sa anumang ibang paraan, ay dapat bayaran ng kahit man lamang minimum na suweldo.

Paunawa: Ang mga trabahador sa bukid sa ilalim ng Seasonal Agricultural Worker Program (SAWP) ay dapat bayaran alinsunod sa kontrata sa SAWP.

Para sa karagdagang impormasyon:
Telephono: 1 800 663-3316
o 250-612-4100 in Prince George
Website: www.gov.bc.ca/EmploymentStandards

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kontrata sa SAWP, mangyaring kontakin ang Service Canada sa 1-800-367-5693.

Pagbayad ng mga suweldo

Ang lahat ng mga trabahador sa bukid ay dapat bayaran ng kahit man lamang dalawang beses bawat buwan.

Ang de-oras at nagsusuweldong trabahador sa bukid ay dapat bayaran ng lahat ng mga suweldo sa loob ng walong araw ng katapusan ng panahon ng pagbayad.

Ang mga nag-aani na binabayaran ng piece rate ay maaaring bayaran ng kahit man lamang 80 porsiyento ng kabuuang tinantiyang suweldo na hindi pa binabayaran sa kalagitnaan ng bawa't buwan. Ang lahat ng mga natitirang suweldo ay dapat bayaran sa loob ng walong araw ng katapusan ng buwan.

Dapat ibayad ng Licensed Farm Labour Contractors ang mga suweldo mismo sa bank account ng empleyado.

Mga Bawas sa Suweldo

Hindi dapat i-withhold, kaltasan, o i-offset ng isang tagapag-empleyo, nang tuwiran o hindi tuwiran, ang anumang mga kita ng empleyado maliban kung para sa mga kinakailangang ibawas alinsunod sa batas (ibig sabihin, income tax, CPP at EI) o nang may nakasulat na pahintulot ng empleyado.

Anuman ang nakasulat na pahintulot ng empleyado, hindi maaaring atasan ng isang tagapag-empleyo ang isang empleyado na bayaran ang anumang bahagi ng gastos sa pagnenegosyo ng tagapag-empleyo.

Overtime

Ang mga trabahador sa bukid ay hindi karapat-dapat na makatanggap ng overtime pay. Gayunman, hindi dapat utusan o pahintulutan ng isang tagapag-empleyo ang isang trabahador sa bukid na magtrabaho nang sumosobrang oras na nakakasamâ sa kalusugan o kaligtasan ng empleyado.

Taunang bakasyon at vacation pay

Ang vacation pay para sa mga nag-aani na binabayaran ng piece rate ay kasama sa piece rates na ipinapakita sa ibabâ.

Ang mga trabahador sa bukid na binabayaran ng suweldo o de-oras na rate ay karapat-dapat sa:

- Dalawang linggong bakasyon pagkatapos ng 12 sunud-sunod na mga buwan ng trabaho at

tatlong linggong bakasyon pagkatapos ng limang sunud-sunod na taong trabaho.

- Vacation pay na apat na porsiyento ng kabuuang kita pagkatapos ng limang araw ng trabaho at anim na porsiyento ng kabuuang taunang kita pagkatapos ng limang taon ng trabaho. (Tingnan ang Taunang Bakasyon na factsheet.)

Ang vacation pay ay babayaran:

- kahit pitong araw man lamang bago ng simula ng taunang bakasyon, o sa mga regular

- na araw ng suweldo kung nakasulat na pinagkasunduan ng tagapag-empleyo at empleyado; o kaya
- kung ang trabaho ay natapos bago mag- isang taon, sa huling pay cheque.

Mga Piyesta Opisyal

Ang mga trabahador sa bukid ay hindi karapat-dapat na magkaroon ng piyesta opisyal.

Mga pahayag ng suweldo

Sa mga payday, dapat bigyan ng tagapag-empleyo ang bawat empleyado ng nakasulat na pahayag ng suweldo, kasama ang sumusunod na impormasyon:

- Pangalan at address ng tagapag-empleyo;
- Ilang oras nagtrabaho;
- Ang rate ng suweldo ng empleyado, kung de-oras, suweldo, flat rate, bawat piraso, komisyon, o ibang pang incentive;
- Anumang pera, allowance o ibang bayad na karapat-dapat matanggap ng empleyado;
- Ang halaga at layunin ng bawat kaltas;
- Paano kinakalkula ang kita ng empleyado kung ang empleyado ay binabayaran nang hindi de-oras o hindi siya nagsusuweldo; at

- Ang gross at net wages ng empleyado, at anumang mga halagang kinuha mula sa time bank ng empleyado at kung magkano ang natitira.

Minimum Piece Rates – Mga De-kamay na Pag-ani (Hard Harvested Crops)

Ang minimum wage para sa mga trabahador sa bukid na empleyado at binabayaran para sa bawat piraso at nag- aani nang de-kamay sa mga sumusunod na crops ay tulad ng sumusunod: (kasama sa rates ang vacation pay na apat na porsiyento ng kinikita):

Ani	Setyembre 15, 2015	Setyembre 15, 2016
Apples	$ 17.39/ bin (27.1 cu. ft.)	$ 18.06/ bin (27.1 cu. ft.)
Apricots	$ 20.00/ ½ bin (13.7 cu. ft.)	$ 20.77/ ½ bin (13.7 cu. ft.)
Beans	$ 0.239/ pound	$ 0.248/ pound
Blueberries	$ 0.404/ pound	$ 0.419/ pound
Brussels sprouts	$ 0.166/ pound	$ 0.172/ pound
Cherries	$ 0.228/ pound	$ 0.237/ pound
Grapes	$ 18.48/ ½ bin (13.7 cu. ft.)	$ 19.19/ ½ bin (13.7 cu. ft.)
Mushrooms	$ 0.240/ pound	$ 0.249/ pound
Peaches	$ 18.48/ ½ bin (12.6 cu. ft.)	$ 19.19/ ½ bin (12.6 cu. ft.)
Pears	$ 19.58/ bin (27.1 cu. ft.)	$ 20.33/ bin (27.1 cu. ft.)
Peas	$ 0.298/ pound	$ 0.309/ pound
Prune plums	$ 19.58/ ½ bin (13.7 cu. ft.)	$ 20.33/ ½ bin (13.7 cu. ft.)
Raspberries	$ 0.364/ pound	$ 0.378/ pound
Strawberries	$ 0.350/ pound	$ 0.363/ pound
Daffodils**	$0.140/ bunch (10 stems)	$0.145/ bunch (10 stems)

****** Hindi kasama ang vacation pay sa rate para sa daffodils.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring kontakin ang Employment Standards Branch: A207 – 20159 88th Avenue Langley BC V1M 0A4 Facsimile: 604 513-4622

O tawagan ang Agricultural Compliance Hotline: 604 513-460